

# Ano ang Kailangang Malaman ng mga New Yorker Tungkol Sa Mga Bakunang COVID-19

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay available na para sa lahat ng mga New Yorker edad 16 at mas matanda.



## Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas at epektibo.

Ginamit ng mga siyentipiko ang mga deka-dekadang pananaliksik ng ibang bakuna sa pagbuo ng mga bakuna sa COVID-19. Dumaan ang mga bakuna sa mga malakihang klinikal na pag-aaral na kinasangkutan ng libu-libong katao na may iba't ibang edad, lahi at etnisidad. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito na ang mga bakuna ay ligtas at napakaepektibo sa pagprotekta sa mga tao sa malubhang sakit, pagkakaospital at kamatayan sa COVID-19. Inaprubahan ng Pangasiwaan sa Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) ang mga bakuna para sa pang-emergency na paggamit.



## Maaaring makaranas ng ilang masamang epekto.

Kasama sa mga karaniwang masamang epekto ay pamamaga sa braso kung saan ka nabakunahan, sakit sa ulo, mga panakit sa katawan, pagkapagod at lagnat. Ang mga bakuna **ay hindi** naglalaman ng virus na nagdudulot ng COVID-19, **ay hindi** nagbabago ng iyong DNA at **hindi** nagbibigay sa iyo ng COVID-19.



## Manatiling gawin ang mga pag-iingat.

Alam namin na pinoprotektahan ka ng mga bakuna, pero kailangan pa naming malaman kung paano nakaaapekto sila sa pagkalat ng virus. Sa ngayon, kahit pagkatapos mabakunahan, manatili sa bahay kung may sakit ka, panatilihin ang 6 feet na distansiya sa iba, tamang magsuot ng pantakip sa mukha at madalas na hugasan ang mga kamay mo.



## Ibinibigay ang mga bakuna sa COVID-19 na wala kang gagastusin.

Ang lahat ng mga New Yorker 16 at mas matanda ay mababakunahan na walang gagastusin. Ikaw **ay hindi** kailangang magkaroon ng insurance o ibahagi ang katayuan mo sa imigrasyon upang mabakunahan.



## Humanap ng lugar upang mabakunahan.

Tanungin ang tagapagkaloob mo sa pangangalagang pangkalusugan at employer kung nag-aalok sila ng mga pagbabakuna. Bisitahin ang [nyc.gov/vaccinefinder](https://nyc.gov/vaccinefinder) o tumawag sa 877-829-4692 upang humanap ng lugar sa pagbabakuna.



Bisitahin ang [nyc.gov/vaccinefinder](https://nyc.gov/vaccinefinder) o tumawag sa 877-829-4692 upang humanap ng lugar sa pagbabakuna.

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon. 4.26.21

Tagalog

**NYC VACCINE FOR ALL:**  
**SAFE, FREE, EASY**

**NYC**  
Health